

1

Naniningkit na itinuon ni Kenneth Xenaki ang asul na mga mata sa kaharap na daan. Mahigpit niyang hinawakan ang manibela ng sinasakyang bagong-bagong model ng *Corvette* na kararating lang noong isang araw mula sa Amerika. Huminga siya nang malalim at pinakiramdaman ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso dala ng adrenaline rush.

Nakita niyang naglakad si Malen, girlfriend ng ka-batch niyang magmamaneho ng bago ring *Mitsubishi Eclipse* na nasa tabi niya. Naglakad ang babae sa pagitan ng dalawang sasakyang nagngangalit ang tunog ng mga makina. Nang makapuwesto ito sa gawing harapan ng mga iyon, itinaas na nito ang kamay na may hawak na puting panyo.

Inilagay ni Ken ang kambyo sa primera bago dahan-dahang tinapakan ang gasolinador, nakaalalay ang kaliwang paa sa clutch para hindi muna umarangkada ang kotse. Sinulyapan niya mula sa bintana ang driver sa kabila, nginitian niya ito nang malawak na malawak at saka ibinalik ang tingin sa harapan. Nang lumaglag ang panyo, binitawan niya ang clutch at kumawala ang makapangyarihang *Corvette*.

Walang katulad ang emotional high na dulot ng pangangarera para sa kanya. He gloried in the feel of the wind as the car's sleek body sliced through the air. At ang bilis ng kanyang pagpapatakbo,

ang mabilis na pagpapalit ng gears, ang pagmamaniobra sa liku-likong terrain ng siyudad, ang amoy ng umiinit na gulong sa aspalto—all these made him feel powerful.

Hindi biro ang zigzag roads ng Baguio City. Pero sanay si Kenneth roon. Kaya walang kaso sa kanya ang magpatakbo ng higit sa one hundred sixty kilometers per hour kesyo madaling araw na at wala nang traffic sa kahit saan.

Mabilis siyang sumulyap sa tabi niya, sa magkabilang side mirror at panghuli sa rear-view. May kaunting ungos siya sa *Eclipse* at sa tinatanyang distansya niya mula sa nguso niyon, alam na niyang kanya ang karerang ito.

Without releasing the gas pedal, tinapakan niya ang clutch para mag-shift patungong sixth gear at sa loob ng dalawa pang segundo, tinawid ng *Corvette* ang finish line.

“Yes!” Nagtatatalon na sumalubong sa kanya ang isa sa nakababatang kapatid, si Bombi. ‘Fernando’ ang totoong pangalan nito. “Congratulations, Kuya!”

“Party na naman ito!” Tinapik siya sa likod ng sumunod sa kanya, si Armand.

Nakangising tinanggap niya ang yakap ng mga ito. “Hey, what can I say? That’s your Kuya, boys!”

Wala noon ang kanilang bunsong kapatid dahil plebo na ito sa *PMA*, at hindi pinapayagang makalabas ni mabisita ang mga

bagong pasok na kadete nang isang buong taon.

Lumapit din sa kanila ang may-ari ng kinalabang sasakyan. “Buti na lang nabigyan ka ng birthday gift, ano?” pabirong saad nito.

Bigay ng tatay niya ang *Corvette* bilang birthday at graduation gift. Huling taon na niya kasi sa *PMA* at matagal na niyang iniungot dito ang model na iyon ng imported na kotse. After all, katuwiran niya, he was graduating as an officer at the top five of his class. Deserving siya sa hiningi niya. And it was not as if hindi kaya ng daddy niyang bumili at mag-import ng ganoon.

“Inggit ka lang, Callejo.” Kinindatan niya ito. “Sabihin mo kasi sa tatay mo na kailangan mo akong matalo. Baka bigyan ka din niya ng magandang kotse.”

Nagtawanan sa likuran niya ang mga kapatid.

“May araw ka din, Xenaki.” Matalim ang tinging ibinato sa kanya nito bago siya tinanguan bilang paalam at saka tumalikod.

“Teka muna.” Humabol si Kenneth at hinawakan ang balikat nito. “May nakakalimutan ka yata?”

Ngumisi muna ito. “Oo nga naman,” anito bago dumukot sa bulsa. Iniabot nito sa kanya ang isang makapal na bungkos ng asul na paper bills. “Congratulations.”

“Hanggang sa susunod.” Sumaludo pa siya dito bago nito pinaharurot ang kotse palayo.

“Baka naman puwedeng humirit ng bagong 32G na *iPod Touch* sa ’yo, Kuya,” kindat ni Bombi sa kanya. “Tatal malapit na ang birthday ko at wala ka pa ding Christmas gift sa akin.”

“Depende,” kibit niya ng balikat pero nakangiti siya rito. “Kumusta ang grades mo?”

Dinig niya ang bungisngis ni Armand mula sa likuran nila. “Lagot!” hirit nito.

“Hah!” nagmamayabang na nagtaas ito ng kilay. “Bilib kaya sa akin lahat ng teachers pati commandant ko.”

“Baka dinadaan mo sa pagpapaguwapo?” Ibinundol ni Armand ang balikat dito.

“Wala akong magagawa doon, Kuya, nasa lahi natin ang pagiging guwapo, salamat kay Dad at kay Mommy.” Nakapamaywang pa itong sumagot.

“Yan naman ang gusto ko sa iyo, Bombi!” Inakbayan niya ang kapatid at mahigpit na kinabig ito palapit sa kanya. “At dahil diyan, bukas na bukas may bagong *iPod* ka na!”

Napuno ang kapaligiran ng tawanan nila.

Magkakamukha, halos mapagkamalang quadruplets sila. Kuha nila lahat ng guwapong features sa Greek na ama-maiitim at medyo kumukulot na mga buhok na hindi gaanong halata sa ngayon dahil lahat sila ay naka-military cut. They have expressive deep blue eyes, matangos na mga ilong, mapupula

Kenneth - Edith Joaquin

at hugis-pusong mga labi, morenong balat na pinapula ng lamig ng hangin sa bundok. Matatangkad din, lagpas six feet lahat ang taas, although pinakamatangkad sa kanila ang bunso na abot ng 6'4". Ito din ang pinakaguwapo sa apat dahil nakakadagdag na ito ang pinakamagiliw sa kanila.

They were a phenomenon sa buong probinsya ng Benguet dahil sa kani-kanyang sport na hilig—si Kenneth sa drag racing, si Armand sa bago pa lang nakikilalang stunt sport na parkour, si Fernando sa rock climbing at si Brent sa skydiving. Dala nila ang reputasyon ng pagiging phenomenon sa *Philippine Military Academy* bilang magagaling lahat sa academics at sa military training. Wala silang kinatatakutan. Walang sinasanto. Pero lahat may mga kabaitang taglay dahil sa ugaling Pilipino pinalaki.

Sila ang Xenaki brothers, anak nina Hector Xenaki at Filomena Abad. At sabi nila, hindi pa ipinapanganak ang babaeng puwedeng magpatibok ng kanilang mga machong puso.

In-adjust ni Veda Enriquez ang pagkakasuot niya ng welding mask bago sindihan ang torch. Nang sumilab iyon, unti-unti niyang inilapit sa piraso ng yero na ipinoporma niyang replacement para sa nasirang fender ng kotseng ginagawa niya sa kanilang talyer.

Engrossed na siya sa trabaho nang may pumailanlang na boses over the din of pounding on iron at ang huni ng welding

machine.

“Ano ba, Veda? Malulusaw na ako sa initan!” sabi ng babaeng naroon nang sa wakas ay tumingala siya mula sa ginagawa.

“Ay, sorry, Yeng, ang ingay ng makina, eh.” Madali siyang nagtanggap ng guwantes at saka tumayo para pagbuksan ito ng gate.

Tanghaling tapat at tirik na tirik ang araw. Sa kabila ng malamig na hanging umiihip, nakakapaso pa rin ang init na nagra-radiate mula sa sikat ng araw at sa semento.

Matalik na kaibigan niya si Yeng, kahit ba may tatlong taon din ang tanda nito sa kanya. Nagpang-abot pa sila sa *Baguio National High School*. Naghiwalay sila pagdating sa college dahil sa *UST* sa Maynila ito nag-aral ng Physical Therapy samantalang siya ay nanatili doon sa *St. Louis University* para kumuha ng Mechanical Engineering.

Mula nang mamatay kasi ang kanyang ama ilang taon na ang nakalilipas, sila na ng ina at nakatatandang kapatid na lalaki ang namahala sa talyer at sa electronics sales and repair shop. Marami na siyang natutunan sa yumaong magulang tungkol sa pagkukumpuni ng mga bagay-bagay mula simpleng radyo hanggang sa makina ng kotse pero iba pa rin ang may kaalaman sa academics.

“Wala na,” reklamo ni Yeng habang iniaabot sa kanya ang dalang basket na naglalaman ng ilang layers ng *Tupperware*,

“hihigupin mo na itong maja blanca na ginawa ko at puwede na itong shake.”

“Sorry naman na.” Pinatuloy niya ito sa loob ng kabahayan. “Kumain ka na ba o dito ka kakain?”

“Kumain na pero puwede namang kumain ulit,” humahagikgik na sabi nito. Mabilis itong magutom, palibhasa ay buntis. “Ano’ng ulam n’yo?”

“Ewan ko, ngayon lang ako tumayo mula sa ginagawa ko sa labas, eh.” In-on ni Veda ang electric fan at itinutok iyon sa direksyon kung saan nakaupo ang kaibigan.

“Haay, sarap!” anito bago isinandal ang sarili at awtomatikong dumako ang kamay nito sa tiyan para banayad na haplusin ang malaking umbok niyon. “Ang bigat-bigat ko na!”

“Eh, paano namang hindi?” Nagtungo siya sa lababo para makapaghugas ng kamay. “Parating gumagalaw ’yang panga mo.”

“Hindi naman!” tanggi nito.

“Hindi daw?” Pinamaywangan niya si Yeng habang pinanonood itong umabot ng isang pirasong tinapay mula sa mesa. Sinagot lang siya nito ng isang malawak na ngiti.

Eksakto naman na pumasok ang kanyang ina mula sa dirty kitchen sa labas. May dala itong isang mangkok na puno ng umuusok na sabaw. “O, ’andito ka pala, Yeng.”

“Hi, Tita Leny!” Hinila nito ang sarili patayo para humalik sa ginang. “Ano ba’ng niluto n’yo?”

“Paborito mo ito,” anang nakatatanda bago ilapag sa mesa ang hawak. Bulalo iyon na may maraming mais.

“Yehey!” Pumalakpak ang kaibigan at saka inilapit ang mukha sa bowl para simsimin ang amoy niyon. “Bango!”

“Sus, Yeng!” Natatawang tumirik ang mga mata ni Veda at saka ito hinatak para muling maupo sa komedor. “Halika na nga!”

Iniabot niya sa kaibigan ang lalagyan ng kanin bago lagyan ang sariling plato ng pagkain. Pinanood niya ito habang magkapanabay na kumakain at masayang nagkukuwento. Naisip niya tuloy bigla kung paanong parang hindi ito naapektuhan ng naranasang trahedya ilang buwan pa lang ang nakakaraan.

Wala pang dalawang taon ang nakaraan mula nang ikasal ito pagka-graduate ng nobyo nito sa *PMA*. In-assign ang lalaki sa 10th Infantry Division sa Socsargen sa Mindanao kaya minsan lang ito kung makasama ni Yeng. Kailan lang ay napabalitang nagkaroon doon ng madugong engkuwentro at kasama ang lalaki sa mga napatay. Nakarating sa kanila ang balita sa mismong araw na nalaman ni Yeng na buntis ito. Hindi nito inakala na ang huling bakasyon ng asawa ay magdudulot ng magkakambal na saya at walang katumbas na lungkot.

Nakita niya kung paano naghinagpis ang kaibigan nang ilang linggo. Pagkatapos ay unti-unti na nitong ibinalik ang sigla

alang-alang na rin sa hindi pa isinisilang na anak.

Pero siya? Diyos ko, ewan na lang ni Veda kung makakaya niya ang ganoon. Ipinangako tuloy niya sa sarili na kahit kailan ay hindi siya papatol sa kahit sinong miyembro ng militar. Baka ikamatay niya, iniisip pa lang niya ang assignment ng mga ito.

“Narinig mo ba ’yung napakaiingay na mga kotse kagabi?” Bumaling ito sa kanya.

“Ha?” she snapped out of her musings. “Meron ba?”

Tumirik ang mga mata ng kaibigan samantalang natawa ang kanyang ina. “Hay naku, mantika ka talaga!”

“Hindi ka na nasanay sa anak kong ito,” dagdag pa ng ginang. “Alam mo namang kapag napikit ito, kung di lang malalim ito huminga, mapapagkamalan mong bangkay. Kahit nga siguro sabugan mo ito ng bomba sa tabi, hindi magigising, eh.”

“Sige, pagtripan n’yo ako.” Nanulis ang nguso niya sa mga kaharap pero hindi naman siya napipikon.

“I bet kasama na naman sa kaguluhang iyon ang pinsan ko.” Namaywang pa ito.

“Sino? Si Stephen?” Humigop muli siya ng sabaw.

“Sino pa? Eh ’yun lang naman ang mahilig sa drag racing.” Inabot ni Yeng ang baso ng tubig. “Naku, ewan ko ba. Hindi siguro titigil ’yan hangga’t hindi naaksidente!”

“Ano ba’ng meron sa drag racing?” Her lip curled. “Pampamacho?”

“Siyempre!” emphatic nitong sagot. “Lalo na kung ang kinalaban na naman nila, eh, ’yung guwapong ka-batch niya sa PMA...”

Kumabog ang dibdib niya sa narinig. Minsan na niyang nabistahan ang tinutukoy nito. Apat na magkakapatid iyon at ang panganay ang mahilig sa drag racing. Siyempre, hindi na kailangang ispelengin na guwapo ang lahat ng mga ito. Nakakatarantang pagkaguwapo kahit pa sa malayo lang niya nakita. Pero ayaw nga niya ng nasa military kaya walang point ang kilig kilig ni Veda. Iyon nga lang, kahit ba ayaw niya sa military, hindi niya ikakaila na masayang masilayan ang mga ito.

Magtatanong pa sana siya nang mapansin niya kung bakit biglang natigil ang kaibigan sa pagsasalita at naka-contort ang expression sa mukha nito.

“Yeng?” Kinabahan na siya. Parang alam na niya kung ano ang mangyayari.

“Manganganak na yata ako,” habol ang hiningang sabi nito.

Nagmadali siyang tumayo, kinuha ang susi ng sasakyan sa kinasasabitan niyon at inutusan ang inang alalayan ang babae palabas ng bahay para maihatid ito sa ospital. Saka na ang pagtatanong tungkol sa mga guwapong taga-PMA.